MGA BATAYANG PRINSIPYO SA PAGBUBUO NG PANDAIGDIGAN, PAMBANSA, at LOKAL NA MGA PAMANTAYAN PARA SA DISENTENG TRABAHO NG MGA DOMESTIC WORKERS

Kami, ang mga kinatawan sa 2nd National Domestic Workers Summit na ginanap nitong Agosto 20-21, 2009 sa Occupational Safety and Health Center, Quezon City, ay nagtataguyod sa mga sumusunod na Batayang Prinsipyo;

Hinihikayat namin ang delegasyon ng Pilipinas sa International Labor Conference sa 2010 na gamitin ang naturang Batayang Prinsipyo bilang gabay sa pagbuo ng paninindigan, pag-uulat, mga negosasyon at pagkilos tungo sa isang International Labor instrument para sa mga domestic workers;

Hinihimok namin ang mga kinatawan sa Kongreso at mga local na pamahalaan na magabayan ng mga Batayang Prinsipyo na ito sa pagbabalangkas ng mga batas at programa para sa mga domestic workers at agarang magpasa ng isang Magna Carta for Domestic Workers.

1. Ang Pilipinas ay kikilos para sa isang Pandaigdigang Instrumento (international instrument) na siyang magbibigay ng pinakamataas at pinaka-epektibong uri ng proteksyon at benepisyo para sa mga domestic workers. Kung kaya't ang Pilipinas ay magsusulong ng isang International Convention na may kasamang Recommendations hinggil sa Marangal na Trabaho para sa mga Domestic Workers.

2. Ang mga domestic workers ay manggagawa. Nararapat lamang na sila ay makatanggap ng karapatan, proteksyon sa ilalim ng batas, at benepisyo na kahalintulad ng tinatamasa ng mga iba pang mga uri ng manggagawa.

3. Nararapat lamang na ang International Convention at ang mga pambansa at local na batas at programa ay sumaklaw sa lahat ng uri ng domestic workers, maging mga undocumented na migranteng manggagawa. Kailangang tanggalin ang lahat ng mga probisyon sa mga international instrument, patakaran, batas, o kalakaran na nagiging daan upang mabiktima ng diskriminasyon ang mga domestic workers o upang hindi sila mapasali sa saklaw ng mga batas o programa na nangangalaga sa lahat ng mga manggagawa.

4. Prayoridad na wakasan ang lahat ng uri ng diskriminasyon laban sa domestic workers, katulad ng sa lahi, paniniwala, relihiyon, at gender. Nararapat din na may agarang aksyon laban sa xenophobia.

5. Karapatang katawanin ng mga organisasyon o asosayon na kanilang itatatag o sasalihan na magtataguyod ng mga karapatan ng domestic worker kasama na ang sa pagpapalabas ng mga hinaing, tawaran o negosasyon.

6. Kailangang nakasaad ang malinaw na kasunduan sa trabaho sa pamamagitan ng isang kontrata, na nakasulat sa wikang nauunawaan ng Domestic Worker. Dapat nitong lamanin ang sumusunod:
    - Pangalan, tirahan at telepono ng Employer
    - Tiyak na tirahan kung saan siya maninilbihan
    - Uri at detalye ng trabahong gagampanan
    - Tagal ng paninilbihan

- Laki ng sahod, paraan ng pagkwenta nito at pagitan ng bayaran
- Oras ng trabaho
    i. Walong (8) oras lamang bawat isang araw
    ii. Ang labis sa walong oras ay dapat na may kaukulang kabayaran
    iii. 8-12 oras na tuluy-tuloy na pahinga sa isang araw
    iv. 24 oras na walang patid na pahinga sa bawat linggo
    v. Oras na nakahimpil na may kabayaran
- Pagpapakain
- Matutuluyan o hiwalay na tirahan na may seguridad
- Tagal ng probation, kung mayroon man
- Pagpapauwi kung kakailanganin, na di sisingilin sa domestic worker
- Makatarungang dahilan ng pagkansela sa kontrata
- Magagamit na telepono sa anumang oras
- Karapatang katawanin ng mga unyon o asosasyon sa pagpapalabas ng mga hinaing, tawaran o negosasyon
- Pananagutan ng mga employer at recruitment agencies
- Respeto at pagkilala sa mga paniniwala, kultura at gawi ng domestic worker

7. Karapatan sa makatarungang kalagayan sa paggawa, disente at ligtas na trabaho, proteksyong panlipunan tulad ng pension at health insurance, at maternity/paternity benefits.

8. Karapatan sa patas at tamang pasahod, na may mekanismo upang i-angkop sa pagtaas ng inflation at ibang salik na nagpapababa sa halaga nito; kasama ang pagbabawal sa anumang pagbabawas dito na walang pahintulot ng domestic worker; at pagbabayad sa anyong “in-kind”.

9. Proteksyon laban sa lahat ng uri ng pang-aabuso at pananakot, kasama ang di pagbibigay ng sahod, pagmumura, pang-aabusong mental at sekswal; kasama rin ang paninindak ukol sa deportasyon at pagkumpiska ng pasaporte at bisa. Kasama na dito ang sapilitang pag-pipiit/pag-dedetena.

10. Papel ng estado na ipagtanggol ang karapatan at isulong ang kagalingan ng mga domestic workers nito sa loob at labas ng bansa.

11. Karapatan sa mabilis na paggawad ng katarungan, kasama na ang pagkakaroon ng korte na walang pinapanigan at mekanismo at mga proseso ng pagreresolba ng mga kaso.

12. Agarang pagligtas sa mga batang domestic workers, lalung-lalo na sa mga mas mababa sa labing limang taong gulang at oportunidad at suporta upang makakuha ng edukasyon at mga batayang serbisyo.

13. Ang mga employers at recruiters ay may magkasamang pananagutan at responsibilidad sa kalagayan at kagalingan ng mga domestic workers mula sa pagkakakontrata sa kanila hanggang sa ligtas na pagbalik nila sa kanilang tahanan.